# Impormasyon sa pagbabakuna ng COVID-19 para sa mga batang (5-11 taong gulang) naninirahan sa Korea

Dahil sa mabilisang pagtaas ng bilang ng mga kumpirmadong nagpositibo sa Omicron ang mga batang (5~11) taong gulang) na hindi kasali sa pagbakuna ay marami ang nagpositibo, mayroong ding malala ang kondisyon at may mga kasong namamatay.

Kaya ibibigay ang mga sumusunod na impormasyon tungkol sa pagbabakuna ng COVID-19 sa mga batang may edad (5~11 taong gulang).

■ Mga Maaring Bakunahan

○ Para sa mga batang may edad (5~11 taong gulang), lubos na inirerekomenda na pabakunahan ang mga batang may mataas na peligro dahil sa pinagbabatayan na sakit upang maiwasan ang malubhang impeksiyon sa COVID-19.

○ Para sa mga batang malulusog, inererekomenda ang boluntaryong pababakuna pagkatapos ang masusing pagsusuri sa mga pakinabang at impeksyon ng COVID-19 at ang hindi magandang maging epekto pagkatapos bakunahan.

○ ※ Hindi inererekomenda ang pagbabakuna sa mga batang may kasaysayan na nagpositibo, at hindi rin inererekomenda ang pagbabakuna ng pangalawang dosis sa mga batang nagpositibo pagkatapos mabakunahan ng unang dosis.

■ Uri ng Bakuna at Pagitan ng Pagbabakuna

○ Ang bakunang Pfizer na pambata(naglalaman ng 1/3 na mga aktibong sangkap ng bakuna para sa mga nasa hustong gulang).

○ Sa kaso ng mga bata, ang pangalawang bakuna ay maaring magpabakuna sa pagitan ng 8 linggo(56 na araw) pagkatapos mabakunahan ng una.

* Kung ang pangalawang bakuna ay kailangang mas mapaaga sa medikal na kadahilanan o personal na kalagayan ay maaring magpabakuna sa pagitan ng 3 linggo (21 na araw) na inaprubahan ng Ministri ng Kaligtasan ng Pagkain at Gamot.

■ Paraan ng Pagpapareserba at Iskedyul

▷ Mula sa Marso 22 (Huwebes) ay maaring magpareserba ng pauna(advance reservation)

1. Rehistradong Dayuhan

① Online na pagpapareserba: Ang tagapag-alaga(guardian) ay pumunta sa site ng (https://ncvr.kdca.go.kr) sa sistema ng maagang pagpapareserba ng COVID_19 bilang kinatawanan at magpareserba.

② Pagpapareserba sa telepono: Ang tagapag-alaga(guardian) ay maaaring tumawag sa Sentro ng Korea para sa Pagkontrola at Pag-iwas ng Sakit(☏1339) at sa mga lokal na pamahalaan para magpareserba bilang kinatawanan.

③ Mismong araw na pagpababakuna: Maaring magpabakuna sa mismong araw pagkatapos maunang magpalista(kumpirmahin sa pamamagitan ng pagtawag) sa medikal na institusyon .

2. Hindi Rehistradong Dayuhan (kasama ang mga ilegal na dayuhan): Kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala sa pampublikong sentro ng kalusugan(public health center) at pagkatapos ay maaring magpareserba sa pamamagitan ng pagtawag o pagpunta sa mga institusyon ng bakuna(medikal na institusyon o sa sentro ng kalusugan).

* Sa panahon na kumuha ng pansamantalang numero ng pamamahala, hindi na hihilingin na ipakita ang identipikasyon katulad ng pasaporte o aliencard at iba pa.

■ Iskedyul ng Pagbabakuna at Lokasyon

▷Simula sa Marso 31(Huwebes) ay mag-umpisa ang pagbabakuna.

○Mayroong humigit-kumulang na 1,200 medikal na institusyong itinalaga sa pagbabakuna ng mga bata, at mula sa Marso 14(Lunes) ay maaring makita sa website ng COVID-19(ncv.kdca.go.kr).

※ <Pahayag/Notice> → <Patnubay> Maaring tingnan sa Menu ang mga pamantayan sa pagpapatupad ng mga alituntunin, pang-edukasyon na materyal, mga nakatalagang institusyon.

Sa kaso ng mga bata, kinakailangang samahan ng tagapag-alaga(guardian) o legal na kinatawan para sa kaligtasan ng pagbabakuna at upang masubaybayan ang mga kakaibang epekto matapos mabakunahan. (Ang tagapag-alaga ay magpunta kasama ang bata, pagkatapos makumpirma ang identipikasyon sagutan ang preliminary checklist sa ahensya ng pagbabakuna)

※ Pakitandaan

- Base sa Sistema ng Eksempsyon ng Obligasyon sa Pag-abiso, ang personal na impormasyon o identipikasyon ay gagamitin lamang para sa layunin ng pagbabakuna, at hindi ito ipaalam sa tanggapan ng imigrasyon ang tungkol sa ilegal na pananatili at iba pa.
- Para sa mga karagdagan at iba pang mga detalye mangyaring sumangguni sa website ng COVID-19 sa Sentro ng Korea para sa Pagkontrola at Pag-iwas ng Sakit(https://ncv.kdca.go.kr).